SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2025-60

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 001 H-2024 NG BARANGAY CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KANILANG *ANNUAL INVESTMENT PROGRAM* PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG LABING ANIM NA MILYON, LIMANG DAAN LIMAMPU'T TATLONG LIBO, TATLONG DAAN LIMAMPU'T LIMANG PISO AT SIYAMNAPU'T DALAWANG SENTIMO (₱16,553,355.92)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Cambaog para sa kanilang *Annual Investment Program* na laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱16,553,355.92;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Cambaog at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kapasiyahan ng Barangay Cambaog ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 001, H-2024 ng Barangay Cambaog, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Investment Program* para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Labing Anim na Milyon, Limang Daan Limampu't Tatlong Libo, Tatlong Daan Limampu't Limang Piso at Siyamnapu't Dalawang Sentimo (₱16,553,355.92).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-10 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim